



ALAM MO BA?

Ang mga taong sumasali sa pagpapayo sa pabahay ay may average na wala pang \$11,300 sa kabuuang utang.

Sharpen Your Financial Focus, Roll and Moulton (2016)


ANG PAGPAPAYO PARA SA PABAHAY NA APRUBADO NG HUD AY ANG IYONG MAPAGKAKATIWALAANG RESOURCE.

Nagbibigay-daan sa mga consumer na gumawa ng mga mahusay na pagpapasiya sa pabahay. Ang pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD ay tumutulong sa mahigit isang milyong sambahayan bawat taon.



Ang pag-apruba ng ahensya ng pagpapayo sa pabahay ay hindi gumagawa o nagpapahiwatig ng warranty o pag-eendorso ng HUD ng aprubadong ahensya o mga empleyado nito sa isang prospektibong kliyente o sa sinumang iba pang organisasyon o indibidwal. Nangangahulugan lang ang pag-apruba na ang ahensya ay nakatugon sa mga kwalipikasyon at kundisyong tinukoy ng HUD.

OFFICE OF
HOUSING COUNSELING
hud.gov/housingcounseling
1-800-569-4287



MGA BUMIBILI NG BAHAY SA UNANG PAGKAKATAON

TUNGKOL SA PERA





PAANO : MAKAKATIPID

TANUNGIN SA IYONG TAGAPAYO SA PABAHAY ANG TUNGKOL SA

- ▶ Mga bayarin at gastos sa proseso ng pagbili ng bahay
- ▶ Pagkalkula sa mga buwanang gastos sa pagmamay-ari ng bahay
- ▶ Paano nakakaapekto ang iyong credit sa iyong kakayahang bumili
- ▶ Pagpili sa tamang mortgage para sa iyong badyet
- ▶ Magkanong downpayment ang kakailanganin mo

Magkano ang gastos mo para sa isang bahaggi ng iyong American Dream? Maaaring may napili ka nang dream home mo, ngunit mahalagang matiyak na kaya mo itong bayaran. Maaaring nakakalito ang pagbabadyet, ngunit ang iyong ahensya ng pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD ay maaaring makatulong sa iyo na sumuong at magplano nang maayos, batay sa iyong natatanging pinansyal na kalagayan. Magbasa pa upang makita kung paano mo masusulit ang iyong pera.

USAPING PERA

PAG-ISIPAN ANG LAHAT NG GASTOS

- ▶ Maraming nagpapautang ang humihiling sa iyo na magkaroon ng partikular na halaga ng cash na nakatabi
- ▶ “Mga pangangailanga” vs “mga gusto”
- ▶ Ang lokasyon ng iyong tahanan
- ▶ Ang uri ng tahananang gusto mo
- ▶ Insurance ng may-ari ng bahay

Huwag munang pumili ng mga bagong kurtina o pintura para sa mga pader. May babayaran ka pang bahay. Magkanong downpayment ang kailangan mo? May sapat ka bang halagang nakatabi para sa mga pagkukumpuni? Magkano ang gagastusin para sa inspeksyon o pagsasara? Sa kabutihang-palad, may mahusay na paraan upang maging handa para sa mga ito at sa iba pang mga tanong sa pagbabadyet na lalabas sa panahon ng proseso ng pagbili ng bahay. Mag-iskedyul lang ng appointment sa iyong ahensya ng pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD.


PAANO KAMI MAKAKATULONG

PAG-USAPAN NATIN ANG TUNGKOL SA

- ▶ Mga kasalukuyan mong gastos laban sa iyong mga gagastusin sa hinaharap
- ▶ Pag-adjust para sa mga pagkukumpuni, emergency at iba pang kaganapan sa buhay
- ▶ Pagbayad sa iyong utang
- ▶ Mga termino ng utang
- ▶ Iyong ratio ng utang sa kita at marami pang iba!

Magsisimula ang una mong hakbang sa pagbisita sa iyong lokal na ahensya ng pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD. Kunin ang mahahalagang kinakailangan mong malaman bago at pagkatapos bumili ng bahay. Matutunan ang tungkol sa proseso ng pagpapautang, di-inaasahang mga gastos ng may-ari ng bahay, paggawa at pagsunod sa iyong badyet, at pagbabayad sa iyong mortgage sa tamang oras. Isang click o isang tawag lang ang mga tool para sa responsableng pagmamay-ari ng bahay!

MGA TAGAPAYO SA PABAHAY SA BUONG BANSA



Libu-libong
ahensiyang
aprubado ng HUD
sa buong bansa!

Isang paglalakbay ang daan patungo sa tahanan, ngunit hindi mo kailangang maglakad nang mag-isa. Upang matuto pa tungkol sa pagbabadyet o makahanap ng ahensya ng pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD, bisitahin ang hud.gov/housingcounseling or call 1-800-569- 4287. Narito kami upang tulungan kang magkabahay!